PARTNERS in D

Pharmacists helping you get the most out of Medicare drug benefits

Medicare Bahagi D 2010: Mga Katotohanang Dapat Mong Malaman

Ano ang Medicare?

- Ang Medicare ay isang plano ng segurong pangkalusugan ng pamahalaan ng Estados Unidos. Ang Medicare ay sumasaklaw sa mga ospital, pang-medikal, at de-resetang gamot.

Sino ang karapat-dapat para sa Medicare?

- Mga taong 65 taong gulang o higit pa
- Mga tao na permanenteng baldado
- Mga taong may sakit sa bato.

Ano ang Medicare Bahagi D?

- Ang Medicare Bahagi D ay ang maikling pangalan para sa Saklaw ng Medicare para sa De-resetang Gamot (o Medicare Prescription Drug Coverage).
- Ang Medicare Bahagi D ay isang plano para sa de-resetang gamot na magagamit ng lahat ng taong may Medicare.
- Ang Medicare Bahagi D ay isang opsiyonal na plano kung kaya't kailangan mong magparehistro para sa plano upang makatanggap sa saklaw ng iyong mga de-resetang gamot.
- Kung nagparehistro ka para sa plano:
    - Maaaring magbayad ka ng halaga ng pera bawa't buwan upang maging kasapi ng plano (na tinatawag na *premyum*).
    - Maaaring magbayad ka ng halaga ng pera sa gastusin ng bawa't reseta na iyong pinuno (na tinatawag na *kasamang-bayad* o *co-payment*).

Paano gumagana ang mga plano para sa de-resetang gamot?

- Kung nagparehistro ka para sa Medicare Bahagi D, kailangan mong pumili ng isang partikular na plano para sa de-resetang gamot.
- Ang plano para sa de-resetang gamot ay isang plano ng seguro na tutulong sa iyo upang bayaran ang iyong mga de-resetang gamot.
- Depende sa kung saan ka nakatira, maaaring marami kang plano na mapagpipilian.

Nagkakaiba ang mga plano sa maraming paraan, kagaya ng:

- Ang mga de-resetang gamot na sinasaklaw ng plano (na tinatawag na *formulary*)
- Ang halaga ng pera na kailangan mong bayaran bawa't buwan upang maging kasapi ng plano (na tinatawag na *premyum*).
- Ang kabuuang halaga ng pera na kailangan mong bayaran bago magsisimulang bayaran ng iyong plano ang iyong mga gamot (na tinatawag na *kakaltasin* o *deductible*)
- Ang halaga ng pera na kailangan mong bayaran para sa gastusin ng bawa't reseta na iyong pinuno (na tinatawag na *kasamang-bayad* o *co-payment*).
- Ang listahan ng mga botika na makakapuno sa iyong mga reseta.
- Ang halaga ng dagdag na saklaw (kung mayroon man) na inaalok ng plano sa pamamagitan ng puwang ng saklaw para sa de-resetang gamot (o gap in prescription drug coverage) ng Medicare Bahagi D (na tinatawag na *doughnut hole*).

Anong mga de-resetang gamot ang sinasaklaw sa ilalim ng Medicare Bahagi D?

- Ang bawa't plano para sa de-resetang gamot ay nagkakaiba at sumasaklaw ng magkaibang gamot.
- Kasama sa bawa't plano ang 2 gamot o higit pa upang gamutin ang isang partikular na problemang pangkalusugan. Halimbawa, ang bawa't plano ay sumasaklaw sa 2 gamot o higit pa upang gamutin ang alta presyon.
- Sa iilang plano, maaaring may opsiyon ka upang magbayad ng dagdag na pera bawa't buwan (ang iyong *premyum*) upang makatanggap ng mas maraming gamot kaysa sa sinasaklaw ng plano o magbayad ng mas maliit ng halaga ng pera (ang iyong *kasamang-bayad* o *co-payment*) para sa mga partikular na gamot.

Paano ako makakapagrehistro para sa Medicare Bahagi D?

- Maaari kang sumali sa isang bagong plano ng Medicare Bahagi D o baguhin ang kasalukuyan mong plano sa mga partikular na panahon ng taon (na tinatawag na *bukas na panahon sa pagpaparehistro* o *open enrollment periods*).
- Ang paparating na panahon sa pagpaparehistro ay mula sa **Nobyembre 15 hanggang Disyembre 31, 2009**. Sa panahong ito, maaari kang pumili ng plano para sa 2010.

  May iilang paraan upang magparehistro:

  - Maaari kang bumisita sa website ng Medicare (www.medicare.gov) at gamitin ang online na sentro ng pagpaparehistro.
  - Maaari kang tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227, TTY 1-877-486-2048) at makipag-usap sa isang kinatawan ng Medicare na nagbibigay serbisyo sa kustomer.
  - Maaari mong kontakin ang kompanya ng seguro na nag-aalok sa napili mong plano at humiling na ipadala nila sa koreo ang isang aplikasyon sa iyong tahanan. Maaari kang bumisita sa website ng kompanya ng seguro at maaaring makapag-aplay ka online.

Kahit anong paraan pa ang gagamitin mo sa pagpaparehistro, kailangan mo ang iyong:

- Medicare kard o numero ng kard
- Ang petsa kung kailan una kang nagparehistro sa programa
- Isang listahan ng mga pangalan, mga dosis, at dami ng iyong mga de-resetang gamot
- Ang pangalan at lokasyon ng iyong napiling botika
- Ang zip code ng iyong tirahan.

Ano ang puwang ng saklaw, o "doughnut hole"?

- Maaabot mo ang "doughnut hole" kung ang kabuuang gastusin ng iyong de-resetang gamot para sa taon ay nasa pagitan ng $2,830.00 at $6,440.00.
- Para sa iilang plano ng Medicare Bahagi D, kung naabot mo ang $2,830.00, maaari kang magbayad sa buong halaga ng iyong de-resetang gamot.
- Kung ang kabuuang gastusin ng gamot para sa taon ay $6,440.00, ang karamihan ng mga plano ng Medicare para sa gamot ay magsisimulang tutulong sa iyo na magbayad para sa mga gamot mo.

Ang lahat ba ng mga tumatanggap ng benepisyo ay may "doughnut hole"?

- Ang mga tao na karapat-dapat para sa Medicare at Medi-Cal ay **walang mga puwang ng saklaw (o coverage gap) sa kanilang mga plano para sa gamot.**
- Ang mga tao na karapat-dapat para sa tulong na salapi mula sa Social Security para sa mga taong maliliit ang kita ay **walang mga puwang ng saklaw (o coverage gap) sa kanilang mga plano para sa gamot.**

Magkano ang babayaran ko para sa plano ng Medicare Bahagi D para sa de-resetang gamot?

- Ang halaga ng pera na kailangan mong bayaran bawa't buwan (na tinatawag na *premyum*) ay maiiba depende sa napili mong plano.

Paano kung kailangan ko ng tulong sa pagbayad ng aking plano para sa gamot ng Medicare o para sa aking mga de-resetang gamot?

May dagdag na tulong para sa mga taong maliliit ang kita, kagaya ng:

- Mga hindi kasal na taong nasa tamang edad na kumikita ng $1,353.75 o mas kakaunti sa bawa't buwan at may $12,510 o mas kakaunti pa na kayamanan (kagaya ng mga deposito sa bangko, mga saping-puhunan, at mga bond)
- Mga kasal na taong kumikita ng $1,821.25 o mas kakaunti sa bawa't buwan at may $25,010 o mas kakaunti pa na kayamanan (kagaya ng mga deposito sa bangko, mga saping-puhunan, at mga bond)

Maaari kang tumawag sa 1-800-SSA-1213 (1-800-772-1213) o pumunta sa www.ssa.gov sa internet upang mag-aplay.

Anong mga importanteng petsa ang dapat kong malaman?

Oktubre 2009:

- Ang Medicare at ibang plano ng gamot ay magsisimulang magpadala sa koreo ng impormasyon ng programa na tungkol sa sasaklawin para sa taong 2010 ng kalendaryo.
- Ang Medicare ay magpapadala sa koreo ng "Medicare and You Handbook 2010" na magpapaliwanag sa lahat ng mga opsiyon ng Medicare na magagamit mo.

Nobyembre 15 hanggang Disyembre 31, 2009:

- Maaari kang pumili ng plano o baguhin ang plano na mayroon ka na nitong *bukas na panahon sa pagpaparehistro* o *open enrollment period*

Ano ang maaaring magbago tungkol sa aking plano sa 2010?

Bawa't taon, maaaring magbago ang iyong plano. Maaaring kasama sa mga pagbabago ang:

- Mga de-resetang gamot na sinasaklaw ng plano (na tinatawag na *formulary*)
- Halaga ng pera na kailangan mong bayaran bawa't buwan upang maging kasapi ng plano (na tinatawag na *premyum*).
- Kabuuang halaga ng pera na kailangan mong bayaran bago magsisimulang bayaran ng iyong plano ang iyong mga gamot (na tinatawag na kakaltasin o *deductible*)
- Halaga ng pera na kailangan mong bayaran para sa gastusin ng bawa't reseta na iyong pinuno (na tinatawag na *kasamang-bayad* o *co-payment*).
- Listahan ng mga botika na makakapuno sa iyong mga reseta.
- Halaga ng dagdag na saklaw (kung mayroon man) na inaalok ng plano sa pamamagitan ng puwang sa saklaw para sa de-resetang gamot (o gap in prescription drug coverage) ng Medicare Bahagi D (na tinatawag na *doughnut hole*).

Mahalaga na tingnan mong mabuti ang iyong kasalukuyang plano at anumang mga pagbabago sa 2010 bago magpasiya kung papanatilihin mo ang iyong kasalukuyang plano o magpapalit ka sa isang bagong plano.

Sino ang makokontak ko para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpili ng tamang plano para sa akin?

Upang mahambing ang mga plano, maaari kang:

- Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Kailangang nasa kamay mo ang iyong Medicare kard.

- Kailangan mo rin ang isang listahan ng mga pangalan, mga dosis, at dami ng iyong mga de-resetang gamot
- Maaari mong makuha ang impormasyong ito mula sa iyong botika.
- Bumisita sa website ng Medicare (www.medicare.gov) at gamitin ang tool na “Compare Prescription Drug Plans".
- Tumawag sa Health Insurance Counseling and Advocacy Program (HICAP) sa 1-800-434-0222. Ang HICAP ay isang grupong boluntaryo na nagbibigay ng walang-kinikilingang impormasyon tungkol sa Medicare.

Ang impormasyong ito ay bigay sa inyo ng Partners in D at ng 7 paaralan ng parmasiya sa California. Ang dagdag na impormasyon tungkol sa programang ito ay makikita sa www.partnersind.com.